INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume VI, Issue 6 June 2026, eISSN: 2799-0664

# Ang Paggamit ng Eupemismo: Tungo sa Mabisang Komunikasyon sa mga Lokal na Tanggapan

**FIDES CLAIRE P. CATBAGAN**

**DR. MYRA C. CATUNGAL**

Pangasinan State University

*Abstract* — Ang pananaliksik na ito ay tumuklas sa antas ng paggamit ng eupemismo tungo sa mabisang komunikasyon sa mga lokal na tanggapan partikular sa mga empleyado ng Mayor's/Licensing Office, Office of the Treasury at Office of the Civil Registry sa mga munisipalidad ng Probinsya ng Pangasinan. Ang pananaliksik ay nagsagawa ng pangangalap ng datos sa kanilang propayl, antas ng kaalaman sa paggamit ng eupemismo sa panlipunan, pampersonal at pampropesyunal hanggang sa kaugnayan ng kanilang propayl at antas ng kaalaman sa paggamit ng eupemismo at mula rito ay nag-interbyu sa mga piling empleyado kung bakit mababa ang antas sa paggamit ng eupemismo at mula rito ay nagsagawa ng polyeto upang mas mapalawig at masolusyunan ang mababang antas sa paggamit ng eupemismo. Gumamit ng mixed method sa uring exolanatory na kung saan ang kwantitatibong kwestyuner ay nasa unang bahagi ng panganagalap ng datos at mula sa mga naging tugon ay napagpasyahang gamitin ang kwalitatibong kwestyuner bilang pangalawang bahagi sa pamamagitan ng interbyu na siyang nakalikom ng mga sagot kung bakit mababa ang antas ng kakayahan ng mga empleyado sa paggamit ng eupemismong pampersonal. Ang mananaliksik ay bumuo ng interbensyon na polyeto base sa mga panlabas at panloob na dahilan ng mababa ang ng mga empleyado sa antas sa paggamit ng eupemismo.

Lumabas sa pananaliksik na karamihan ay babae na nasa pagitan ng edad 40 hanggang 50, mga nakapagtapos sa kolehiyo at nasa pagitan na ng ikalawang (2) dekada sa serbisyo at gumagamit ng isang (1) wika sa transaksyon. Napag-alaman na sa antas ng paggamit ng eupemismo ng mga empleyado na sila'y Napakahusay sa antas panlipunan, pampersonal at pampropesyonal. Sa pananaliksik, tanging sa pampersonal na atas lamang sa paggamit ng

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

eupemismo nagkaroon ng kaugnayan na habang nagkakaedad ang mga empleyado at tumatagal na sa serbisyo ay nagiging mas humuhusay sila sa paggamit ng mga eupemismo sa kliyente, kaibigan o kakilala at katarabaho. Ang naging interbensyon ng pananaliksik ay ang polyeto na siyang magagamit upang mapahusay ang ng empleyado ang paggamit ng eupemismo

***Keywords: eupemismo, empleyado, panlipunan, pampersonal, pampropesyonal***

## I. INTRODUCTION

Wika ang siyang kasangkapan sa pagpapahayag ng ideya, damdamin at talastasan na siyang ugat ng pagkakaintindihan, pagkakaunawaan at pagkakaisa ng sangkatauhan. Ang natatanging gamit ng wika sa paraan ng kalumanayan at pagpili sa mga angkop na mga salita ay nagtataglay din ng mapayapang pagkakaunawaan at dito pumapasok ang eupemismo.

Mula sa pinakapundasyon ng mga tao sa lipunan, dito mas nahuhubog ang gamit ng wika sa pang-araw-araw na siyang ginagamit sa pakikipagkomunikasyon at talastasan. Sa mga pormal na paggamit ng mga salitang eupemismo, madalas ay ginagamit ang mga ito sa mga transaksyon na may kaugnayan sa pamahalaan. Ang paninilbihan ng mga kawani sa mga taumbayan, pinakagamitin ang eupemismo na siyang nagpapanatili sa mabisa at maayos na transaksyon.

Sa kabila nito, nananatiling tanong kung gaano kaalam at kahusay sa paggamit ng eupemismo ang mga empleyado ng pamahalaan. Sa ganitong konteksto, layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang antas ng kaalaman at paggamit ng eupemismo ng mga kawani batay sa kanilang demograpikong profayl, kabilang ang kasarian, edad, antas ng edukasyon, tagal ng taon sa serbisyo at bilang ng wkang ginagamit sa transaksyon. Tatalakayin din dito ang lawak ng paggamit ng eupemismo sa iba't ibang konteksto: pampersonal, panlipunan, at pampropesyonal.

Gayundin, sinuri din ng pag-aaral na ito kung may ugnayan ang demograpikong impormasyon ng mga kawani sa kanilang antas ng kaalaman sa paggamit ng eupemismo. Pagkatapos ay ilalarawan ang mga tugon ng mga piling empleyado na nasa mababang lebel ng kaalaman sa paggamit ng eupemismo. Sa huli, layunin ng pag-aaral na makapagmungkahi ng mga

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

konkretong hakbang o interbensyon upang mas mapaunlad pa ang paggamit ng eupemismo bilang epektibong kasangkapan sa pakikipagkomunikasyon.

Sa pangkalahatan, inaasahang ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa sa papel ng eupemismo sa ugnayang panlipunan, at magsilbing gabay sa paghubog ng mas magalang at mabisang komunikasyon sa loob ng serbisyo publiko bilang salamin ng isang progresibo at makataong lipunang Pilipino.

Ayon sa pag-aaral na ibinahagi ni Zheng (2020), sa kanyang akda na Analysis of Euphemism in Advanced English, isinasaad dito na ang eupemismo ay isang pangkaraniwang bahagi ng pananalita na siyang kalimitang ginagamit upang magbigay ng hudyat ng pagkamababang loob, pagsunod sa isang utos na siyang ginagagamit panghalili sa mga hindi magagandang ekspresyon. Ang mahusay na komunikasyon ay nakasalalay sa pagpili ng mga salitang bibitawan lalo na sa mga pormal na pakikipagtalastasan at mga okasyon.

Sina Ke, Wenshing at Xue (2023) sa kanilang aklat na A Pragmatic Analysis of the English Euphemism, sinasabi rito na ang mga salitang may kaugnayan sa eupemismo ay hindi maikakailan o talamak na gamitin upang ihalili sa mga hindi kanais-nais na mga salita. Ang Ingles na gamit ng eupemismo ay hindi lamang kumakatawan bilang bahagi ng pananalita ngunit isa ring kabahagi na ng isang penomena sa mga kultura na siyang nagpapaunlak ng kabisaan upang hindi maging iritable o magbigay ng presyon sa iba. Kung gayon, ang mga salitang eupemismo ay isang kabiyak na ng pamumuhay ng mga tao na siyang hindi na maiaalis at maipapasa pa sa mga susunod na henerasyon.

Ang isang Tsino ay naghanda rin ng kanyang nailathalang akda na may pamagat na Analysis of Pragmatic Functions of Eupemism. Siya ay si Yang (2023), binigayan niya ng depinisyon ang eupemismo bilang tagapagpabatid ng gustong iparating na mensahe ng tagapagsalita sa paraang hindi direkta at hindi marahas na pananalita. Ayon pa sa kanya, ang paggamit ng eupemismo ay ang siyang magiging daan upang mas mapaganda at mapabuti nang hindi nakasasagawa ng mga taboos o ipinagbabawal sa kultura ng mga tao. Iniiwasan ang mga salitang nakapapanakit kung kaya't ang mga tao ay hinihikayat na palagiang gamitin ang eupemismong mga salita at unti-unting iugnay sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 6 June 2026, eISSN: 2799-0664

Nakapagpahayag din ng kanyang bahagi sa mga salitang may kaugnyan sa eupemismo si Yuldasheva (2023), sa kanyang akda na On the Use of Euphemism as Means of Indirect Communication in Society. Ayon dito, ang eupemismo ang siyang tagapanghalili sa mga ipinagbabawal sa pamumuhay o mga taboos at ito'y ginagamit upang maiwasan ang hindi pagkakaintindihan o di naman kaya'y mas marahan na komunikasyon bilang kabahagi ng pagtanggal sa mga mararahas na salita. Upang magkaroon ng maayos na ugnayan at usapin, ang eupemismo ang humihikayat upang tulungan ang dalawang panig na magkaroon ng mas payapa at pagkakaintindihan.

Mapagpakumbaba namang ibinahagi ni Zhang (2025), sa kanyang akda na Study of English Euphemisms: Functions, Classification and Cultural Implications. Ayon sa kanya, ang paggamit ng mga eupemismo ay isang retorikal na penomena sa wika at panitikan, na nagbabahagi ng hindi direktang ekspresyon na siyang tutuligsa sa mga salitang hindi kaaya-aya at tila nakakapanakit. Ang pagpili ng mga salitang mararahan ay siyang gamit ng eupemismo sa pakikipagtalastasan, komunikasyon at pangkapayapaan.

Batay naman sa Merriam-Webster Dictionary, eupemismo ang pamalit sa mga salitang hindi kanais-nais at maaaring makasakit. Nagiging makulay at malumanay ang talastasan maging ang mga nababasa mula sa mga may-akda kung ang mga salitang ginagamit ay may pahintulot at mapag-engganyo. Sa lipon ng mga mamamayan na may isang namumuno, nagiging mas kapani-paniwala at kusang-loob na sinusunod ng mga tao nang walang labag kapag may lumanay sa pananalita, mas nakakahikayat ang bato ng mga mensahe at positibo ang magiging misyon nito sa mga tao.

Sa pagbibigay ng depinisyon ng eupemismo ng Cambridge Dictionary, nakatala dito na ito ay salita o mga parirala na ginagamit upang maiwasan ang salitang hindi kanais-nais o nakakapanakit. Iniiwasan ng eupemismo ang pagpaparatang na siyang nagiging daan ng pagtaas ng tensyon at hidwaan sa magkakabilang panig. Ang mga hindi sinasadyang mga salita na naibubulalas nang hindi napag-isipan ay maaaring makapanakit hindi man sa pisikal ngunit mas malalim na sugat sa tumanggap nito. Kaakibat ng mga ito ang hindi pagkakaunawaan, hidwaan at maging ang iniiwasan ng mga nagkakaisang bansa o alyansahan ang malagim na digmaan na ang talo ay mga inosenteng mga mamamayan.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Sa tala ng Lteropedia (2023), binigyan ng kahulugan ang eupemismo bilang salitang nagsasaad ng hindi direkta, neutral, o anumang katanggap-tanggap na ekspresyon upang maiwasan ang nakasasakit, mapanira o hindi kaaya-ayang mga salita o parirala. Nagiging kaaya-aya ang binabanggit na mga pangungusap kung nagdadala ito ng mapagkonsidera at kalumanayan sa kinakausap. Nakapagtatala rin ng mas nakahihikayat at tunay na naisin ng mensahe kapag naaalis ang mga salita na hindi akma sa nais ipahatid na mensahe. Ang ekspresyon ay isa rin sa maaaring magdala ng kaayusan sa pakikipagkomunikasyon upang maiparating nang mas maaayos ang mensahe ng mga salita ng tagapagpahatid.

Nakapagbigay rin ng impormasyon sa kahulugan ng eupemismo ang literary device.net na ito ay isang uri ng bahagi ng pananalita na madalas ginagamit upang tanggalin ang mga hindi kaaya-aya na salita na magbibigay ng hindi komportable sa iba. Sa pagpahayag, naaakma na pili ang mga salita maging ang wika na gagamitin kapag nakaharap sa kanila. Iba-iba ang pagtannggap ng mga tao at maaaring ang uri ng pakikipanayam sa iba na mas epektibo ay hindi naaayon sa iba, kung kaya't ang pamantayan na sinusunod ay maaaring gamitin ang pinagmulan ng mga salita sa pakikipagtalastasan.  Ang pagsangguni sa mga iba't ibang mga materyales at maging sa mas nakaaalam o eksperto ay maaari ring maging daan upang mas maganda at maayos ang daloy ng mga mensahe na nais iparating ng tagapagsalita lalo na kung nasa harap at ihahayag ito sa masa o pormal na kaganapan. Nagiging bahagi rin ng pahayag ang kinabibilangang ng mga tao na may sariling kultura, pananampalataya at tradisyon at kinakailangan na makibahagi sa kanilang kasanayan o nakagawian na ng kanilang pamayanan o tribu.

**Literature Review**

Ang pag-aaral na ito ay nakapagtala ng mga datos sa mga demograpikong propayl ng mga empleyado mula sa ahensya ng pamahalaan, ang antas o lebel ng kaalaman ng manggagawa sa paggamit ng eupemismo sa antas pampersonal, panlipunan at pampropesyunal, kaugnayan sa demograpikong profayl ng mga empleyado ng ahensya ng pamahalaan sa antas o lebel ng kanilang kaalaman sa pagaamit ng eupemismo, ang paglalarawan ng mga tugon ng mga piling empleyado sa paggamit ng eupemismo at ang interbensyon na maaaring maimungkahi upang mas mapayabong pa ang paggamit ng eupemismo ng mga manggagawa sa ahensya ng pamahalaan.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Mula rito, nagkaroon ng isang tiyak na datos sa paraan ng mga empleyado ng pamahalaan na sa hinaharap ay maaaring maging daan upang magakaroon ng programa at mapag-alaman ang mga nararapat na mga hakbangin para sa mas malawak na pag-unawa sa paggamit ng mga salitang malumanay, naaangkop at hindi nakasasakit na mga salita.

Para sa Pamahalaan

Makapagbibigay ang pag-aaral na ito ng isang tiyak na rekomendasyon na siyang makatutulong sa mas maaayos at makabuluhan pang pagbibigay ng serbisyo para sa mga mamamayan. Buhat sa mga tala na malaman, naging gabay ang mga ito nang sa gayon ay magiging tagapagbukas sa kamalayan di lamang sa mga mamamayan bagkus sa mga manggagawa na silang naglilingkod sa mga tao.

Para sa mga Kagawaran o Ahensiya ng Pamahalaan

Maituturing na isang mahalagang bahagi ang pag-aaral na ito upang mapagyaman at magkaroon pa nang mas maayos na mga transaksyon pagdating sa pakikipagkomunikasyon. Makakapagbigay din ng mungkahi ang natuklasan mula sa lumabas sa pag-aaral na ito na siyang magmumulat sa mga ahensya ng pamahalaan upang mas mapagtibay pa ang iba't ibang uri ng transakyon para sa mas maayos na pagbibigay ng serbisyo sa mga mamamayan.

Para sa Lokal na Pamahalaan

Karaniwan sa mga ahensya na silang maaaring takbuhan at makuhanan ng iba't ibang mahahalagang serbisyo ay nasa sentro ng bayan o ang tinatawag na maliit na sangay ng pamahalaan ang Munisipalidad at Barangay. Ang pakikitungo ay may masidhing epekto mula impresyon hanggang sa pagtrato ng mga mamamayan hindi lamang sa iisang empleyado bagkus sa pangkalahatang kabahagi ng isang ahensya. Sa isang lider ng maliliit na yunit ng pamahalaan, makakabahagi ang pag-aaral na ito sa isang bukas na rekomendasyon na siyang gagamiting gabay

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

at payo upang malaman ang performance o abilidad ng mga empleyado at kung ano-ano ang mga mungkahing maaaring gawin upang mas mapalawig pa ang transaksyon sa pagbibigay ng serbisyo.

Para sa Kagawaran ng Edukasyon

Bilang isang departamento siyang tagapagtaguyod sa kaaalaman ng mga kabataan at mag-aaral, masidhi ang pagnanais na sa murang edad ay nagkakaroon na ng kamalayan at pagiging maingat sa pagbato ng mga salita lalo na sa isang pormal na usapin at sa mga mas nakatatatandang kausap. Maaaring maging gabay ang pag-aaral na ito ng kagawaran upang mas palalimin at makapagbigay ng pagpapahalaga sa pagpili ng mga naaangkop na salita sa paraang pag-iintegra o pag-uugnay sa kurikulum ng mas malalim na pagpapahalaga sa paggamit ng eupemismo.

**Statement of the Problem**

1. Ano ang demograpikong profayl ng mga empleyado ng ahensya ng pamahalaan ayon sa:
    - 1.1 Kasarian;
    - 1.2 Edad;
    - 1.3 Pinakamataas na edukasyong natamo;
    - 1.4 Bilang ng Taon sa Serbisyo;
    - 1.5 Wikang Gamit sa Transaksyon?
2. Ano ang antas o lebel ng kaalaman ng mga empleyado sa paggamit ng eupemismo?
    - 2.1 Antas na Pampersonal;
    - 2.2 Antas na Panlipunan;

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 6 June 2026, eISSN: 2799-0664

2.3 Antas na Pampropesyonal?

3. May kaugnayan ba ang demograpikong profayl ng mga empleyado ng ahensya ng pamahalaan sa antas o lebel ng kanilang kaalaman sa paggamit ng eupemismo?

4. Paano mailalarawan ang mga tugon ng mga piling empleyado na nasa mababang lebel ng kaalaman sa paggamit ng eupemismo?

5. Anong interbensyon ang maaaring maimungkahi upang mas mapayabong pa ang paggamit ng eupemismo ng mga empleyado sa ahensya ng pamahalaan?

## II. METHODOLOGY

Sa kabanatang ito ay tatalakayin ang disenyo ng pag-aaral, ang mga kukuhanan ng datos, deskripsyon na mula sa mga respondante batay sa nailahad na layunin ng pag-aaral, instrumento na gagamitin sa pagkuha ng datos at ang tool o kagamitan na gagamitin upang bigyan ng kahulugan ang mga datos.

### Research Design and Strategy

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng paamamaraang explanatory sequential na isa ring uri ng mixed method. Ayon kina Creswell at Clark (2018), ang explanatory sequential design ay isang uri ng mixed method na may dalawang yugto ng proseso. Una ay ang tinatawag na kwantitatibo (quantitative) na idinisenyo upang kumuha ng mga datos na nakabase sa tanong na may nakahandang maaaring isagot ang mga respondante at kapag nakabuo na ng interprestasyon, dito na pumapasok ang ikalawang yugto na tinatawag na kwalitatibong disenyo (qualitative design) at dito na ibinabahagi ng mga respondante ang kanilang sagot sa pamamagitan ng malayang pagbibigay ng pakahulugan, suhestiyon, rekomendasyon at iba pang hinihingi ng katanungan at ito'y karaniwang isinasagawa sa paraang interbyu o pagsagot na pasalaysay sa sagutang papel. Binibigyang-diin nito na mahalaga ang koneksyon ng dalawang yugtong ito upang makabuo ng mas komprehensibong pag-unawa sa isang penomenon o mga datos sa pag-aaral sa

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 6 June 2026, eISSN: 2799-0664

kadahilanang makagagawa lamang ng panibagong mga tanong base sa naunang datos sa kwantitabong disenyo ng pag-aaral.

Descriptive correlational ay isang disenyong gagamitin din sa mga huling bahagi ng paglalahad ng suliranin. Sa ibinigay na kahulugan ni Barooah (2025), sa kanyang sulat na Descriptive Correlational Research Design: Best Practices and Examples, ang Descriptive Correlational ay ginagamit upang malaman kung may relasyon o ugnayan ang mga baryabols sa pag-aaral na hindi nangangailangan ng pagbibigay ng suhestiyon o manipulasyon sa mga ito. Kung kaya't ang pag-aaral na ito ay nakakapangalap ng mga likas na datos ayon na rin sa kabisaan at layuning malaman mula sa suliranin ng pag-aaral.

Sa panghuling paglalahad ng layunin nito, kasama ang pagtuklas sa kaugnayan ng demograpikong profayl ng mga manggagawa ng ahensya ng pamahalaan sa antas o lebel ng kanilang kaalaman sa eupemismo, ang kaugnayan ng lebel ng kaalaman ng mga manggagawa sa eupemismo sa kanilang madalas na ginagamit na salita o parirala sa kanilang transaksyon at komunikasyon at mga hakbangin ang maaaring maimungkahi upang mas mapalawig pa ang eupemismo sa mga manggagawa ng ahensya ng pamahalaan.

**Population and Locale of the Study**

Ang mga respondante ng pag-aaral ay mga empleyado ng lokal na pamahalaan particular sa opisina ng Mayor's/Licensing Office, Treasury Office at Office of the Civil Registry. Ito ay isinagawa sa mga lokal na pamahalaan sa probinsiya ng Pangasinan. Ang mga naging respondante ay ang madalas na nakakasalamuha o nakakatransaksyon ang masa o mamamayan mula sa mga sebisyo na maaaring ibigay katulad ng dokumento. Pili ang mga respondante base na rin sa deskripsiyon ng kanilang posisyon na madalas na silang nakikipag-usap sa mga kliyente o publiko.

Ang ginamit upang matiyak ang bilang at pamantayan ng mga respondante ay ang Yamane's Formula at 5% margin of error. Ang Yamane Formula ay ginagamit upang alamin ang pinakaangkop na sample size sa isang tiyak na bilang ng mga respondante. Kasama sa ginamit na pagkuha ng sample size at population size ng mga respondante ay ang Stratified Proportional

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Sampling. Ayon sa TGM Research, ang Stratified Proportional Sampling ay isang metodolohiya na kung saan ang pagkuha o pagpili ng sample population ay binabase muna sa paghahati ng populasyon sa homogeneous subgroups o strata. Ito ay maaaring uriin base sa kanilang edad, kasarian, antas ng sahod, at iba pa.

Tinatalakay sa susunod na talahanayan ang mga respondante ng pananaliksik. Ang bahaging ito ay naglalahad ng distribusyon ng mga respondente mula sa 44 na munisipalidad ng Lalawigan ng Pangasinan. Sa pamamagitan ng datos na ito, mas mauunawaan ang pagkakaiba-iba ng mga tugon batay sa lokasyon, na makatutulong sa mas malalim na pagsusuri ng mga resulta ng pag-aaral. Ipinapakita rin dito kung aling mga munisipalidad ang may pinakamaraming bilang ng respondente at kung alin naman ang may kaunting kalahok, bilang saligan sa interpretasyon ng mga natuklasan ng pananaliksik.

Narito ang distribusyon na naglalaman mula sa mga population size at sample size ng mga respondante.  Sa talahanayan 1 na ito, nahati-hati sa apat (6) na bahagi ang mga bayan na nirerepresnta ng tinatawag na Congressional Disticts. Ang mga nakalatag ay mga Congressional Districts 1 na may sampung (10) na munisipalidad, Congressional District 2 na may walo (8) na munisipalidad, Congressional District 3 na may anim (6) na munisipalidad, Congressional District 4 na may lima (5) na munisipalidad, Congressional District 5 na may siyam (9) na munisipalidad at Congressional District 6 na may sampung (10) na munisipalidad.

**Data Gathering Tool**

Sa isang inilabas na lathalain patungkol sa lingwistikong pakikisalamuha ni Crossman (2024), sa kanyang akda na Sociolinguistics: The Connection Language and Society, isinasaad na ang Sosyolinguwistiko ay patungkol sa kung paanong ang wika at sosyalisasyon ay nakaaapekto sa pang-araw-araw na pangungusap. Ang palagiang karanasan sa bawat araw ay nangangailangan ng sosyolinggwistikong pakikisama. Ito ay nangangahulugan na hindi mapaghihiwalay ang pakikisalamuha sa pamamagitan ng pag-uusap-usap ng mga tao upang magkaroon ng pagkakaintindihan at transaksyon. Isa pa sa pinapahalagahan ng Sosyolinguwistiko ay ang koneksyon nito sa wika at lipunan, maging ang paraan ng pamumuhay ng tao sa pamamagitan ng

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

pagsasalita sa interaksyon. Ang Teoryang Sosyolingguwistiko ay isang kabahagi ng pamumuhay o daan upang magkaroon ng katiwasayan sa pang-araw-araw na buhay ngunit maaari rin itong magdulot ng ilang negatibong bagay katulad ng hindi pagkakaintindihan sa kadahilanang mapanakit ang naririnig na salita, hindi maaayos na pakikitungo at ekspresyon na nakadidismaya sa tagapagsalita o tagapakinig. Gayunpaman, isinasaad din sa pag-aaral na ito na ang Sosyolinguwistiko bilang bahagi na ng pakikisalamuha ng tao na maaaring magbago sa paglipas ng panahon sa kadahilanan na rin ng unti-unting impluwensya ng ibang lahi at etnolingguwistiko, dito na nagkakaroon ng enkulutrasyon na nahahaluan ng ibang pamamaraan ang tao sa kanilang wika at pakikisalamuha.

Isa pa sa teorya na may kaugnayan sa pananaliksik na ito ay ang inilabas na journal nina Capps (2019-2023), The Pragmatic Theory of Truth, ang teoryang ito ay may kakayahan na baguhin ang atensyon at pokus ng isang diskurso nang maituwid anuman ang hindi magandang iniisip ng tao at mananatili itong kapani-paniwala at totoo. Ang Pragmatic Theory of Truth ay isang teorya na may kakayahang balintunaan at gawing positibo ang mga bagay sa pamamagitan ng pananalita. Ang pagpili ng mga akma at malulumanay na mga salita sa isang transaksyon o diskurso ay kasiya-siyang nagiging epektibo sa kagustuhan na ihatid ang mensahe nito na may maganda at mapayapang paraan upang makuha ang atensyon at interes ng tao. Maaari nitong manipulahin ang kaisipan ng mga tao nang sa gayun ay makakuha ng tiyak na simpatya sa adhikaing makahikayat ng mas magandang layunin ng diskurso o usapin. Taglay din ng Theory of Truth ayon sa pananaliksik na pinapaniwalaan nito na ang katotohanan ay mas higit pang epektibong kagamitan upang makagawa ng pagbubuod. Sa mga tala, ang kongklusyon o napag-alaman ang bahagi na kung saan makikita ang resulta at bunga ng mga layunin na isinaaad, dito rin masasagot ang mga katanungan ng mga ginamit na baryabols. Kung kaya't sinasabi lamang nito na ang katotohanan sa paggamit ng pragmatika ay may mas malaking impluwensya sa madla lalo na kung mas kahika-hikayat ang nais na tuntunin nito para sa karamihan.

**Data Gathering Procedure**

Pagkatapos bunuin ang lokasyon at respondnte ng pag-aaral, ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot at gabay sa tagapayo, kritiko at mga panel ng pag-aaral. Ang nabuong kwestyuner

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

bilang instrumento sa pagkalap ng datos ay kolaborasyon ng lahat. Pagakapos buuin ay humingi ang mananaliksik ng pahintulot upang tunguhin ang mga eksperto sa mga gagamiting talatanungan para makahingi ng gabay at suhestiyon mula sa binuong mga tanong. Ang kwestyuner ng pananaliksik na ito ay inilapit sa mga piling eksperto sa literatura, komunikasyon at mga ulong guro iba pa.

Nagkaroon ng anim (6) na tagapag-usig na mga propesyonal upang bigyan ng mas malalim at katuturan ng mga gagamiting tanong sa kwestyuner. Ilan sa mga ito ay ang isang (1) Punong Guro na may Digri sa Masteral sa Filipino, isang (1) Ulong Guro sa Filipino na dalubhasa sa komunikasyon at eupemismo, dalawang (2) Dalubguro sa Filipino at isang (1) Teacher VI na may isa sa mga Reading Coordinators sa Filipino, at ang isa (1) ay nagmula sa labas ng propesyon na siya namang may mataas na posisyon mula sa Lokal na Pamahalaan bilang Ulo o Head ng isang tanggapan sa lokal na pamahalaan nang sa ganun ay mas mapalawig at mapunan pa ng suhestyon ang gagamitin na mga tanong sa pag-aaral. Ang kabuuang resulta ng balidasyon mula sa binuong kwantitatibong kwestyuner, nakakuha ito ng kabuuang resulta na labingwalo (18) o Kasiya-siya mula sa ginamit na antas o deskripsiyon. Layon ng mga hakbang at mga piling dalubhasa na ang pag-aaral ay matamo at maging kredible ang layunin at balidasyon ng kwestyuner ng pag-aaral.

Pagkatapos maisagawa ang balidasyon ay nagkaroon muna ng dry run o pilot testing sa mga piling labinlimang (15) mga respondante na nagmula sa Munisipyo ng Umingan at San Quintin. Mula sa balidasyon ng Statistician, lumabas na ang nabuong kwestyuner ay reliable at maaaring gamitin sa pangangalap ng datos. Ito ang naging basehan sa kabisaan ng isinagawang pangangalap ng datos mula sa kwestyuner.

Sa pangangalap ng datos, pinuntahan ng mananaliksik ang mga naibigay na mga sample size ng iba't ibang Congressional District at ang mga bumubuong munisipalidad nito. Pinupuntahan muna ng mananaliksik ang Mayor's Office upang doon pormal na humingi ng pahintulot upang isagawa sa nabanggit na tatlong (3) opisina ng lokal na pamahalaan. Kapag nagkaroon na ng tugon at tinanggap na ng pamunuan, ang mananaliksik ay diretso nang pumupunta sa mga opisina ng Mayor's/Licening, Treasury at Civil Registry upang ipamahagi ang mga kwestyuner, may mga pagkakataon na kumukuha na lamang ng mga kontak na mga kawani at sila na lamang ang magbibigay hudyat kung nasagutan na ang kwestyuner. Maraming mga

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 6 June 2026, eISSN: 2799-0664

pagkakataon na makailang ulit na bumabalik ang mananaliksik sa mga respondanteng lokal na pamahalaan dahil hindi nagsasabay-sabay na natatapos buhat na rin sa minsan ay pagiging abala ng mga empleyado.

## III. RESULTS AND DISCUSSION

Makikita sa talahanayan sa ibaba ang profayl na may iba't ibang kategorya na may katumbas na frequency at percentage mula sa kanilang kasarian hanggang sa bilang ng wikang kanilang ginagamit sa transaksyon. Dito nakabuod ang mga datos na nakalap mula sa talatanungan o questionnaire na siyang ibinahagi ng mga respondante na may bilang na 333.

**TALAHANAYAN 1**
**PROFAYL NG MGA EMPLEYADO NG AHENSYA NG PAMAHALAAN**
$n = 333$

| Profayl | Kategorya | Frequency | Percentage |
|---|---|---|---|
| Kasarian | Lalaki | 125 | 37.5 |
| | Babae | 208 | 62.5 |
| Edad | 20 - 29 | 71 | 21.3 |
| | 30 - 39 | 66 | 19.8 |
| | 40 - 49 | 89 | 26.7 |
| | 50 - 59 | 76 | 22.8 |
| | 60 and above | 31 | 9.3 |
| | Hindi Natapos ng Kolehiyo | 55 | 16.5 |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Nagtapos ng Kolehiyo | 245 | 73.6 |
| | May Yunits sa Masteral | 13 | 3.9 |
| Pinakamataas na Edukasyong Natamo | Masteral Digri | 17 | 5.1 |
| | May Yunits sa Doktoral | 2 | 0.6 |
| | Doktoral Digri | 1 | 0.3 |
| Bilang ng Taon sa Serbisyo | 1 - 5 | 99 | 29.7 |
| | 6 - 10 | 79 | 23.7 |
| | 11 - 15 | 44 | 13.2 |
| | 16 - 20 | 36 | 10.8 |
| | 21 - 25 | 38 | 11.4 |
| | 26 - 30 | 22 | 6.6 |
| | 31 - 35 | 7 | 2.1 |
| | 36 and above | 8 | 2.4 |
| Bilang ng Wika ng Ginagamit sa Transaksyon | 1 | 160 | 48.0 |
| | 2 | 117 | 35.1 |
| | 3 | 45 | 13.5 |
| | 4 | 9 | 2.7 |
| | 5 | 2 | 0.6 |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 6 June 2026, eISSN: 2799-0664

Base sa datos, nakakuha ng kabuuang bilang na 208 o 62.5% ang mga empleyadong babae at 125 o 37.5% naman sa mga empleyadong lalaki. Lumalabas dito na mas marami ang bilang ng mga babae na nagtratrabaho sa mga lokal na tanggapan ng mga lokal na pamahalaan partikular sa mga tanggapan ng Mayor’s and Licensing Office, Treasury at Civil registry kumpara sa mga lalaking empleyado. Sa kanilang edad naman, 89 o 26.7% sa mga empleyado ang may edad mula 40 hanggang 49 na taong gulang, nakakuha naman ng bilang na 76 o 22.8% ay may edad mula 50 hanggang 59 na mga empleyado, 71 o 21.3% naman sa mga manggagawa ang nakapagtala ng edad mula 20 hanggang 29 na taong gulang, 66 o 19.8% sa mga empleyado ay may edad mula 30 hanggang 39 at 31 o 9.3% sa mga empleyado ay may edad animnapung (60) taon pataas. Mula sa mga naging datos, ang talahanayan ay nagpapakita na karamihan sa mga empleyado ng lokal na pamahalaan partikular sa tatlong (3) tanggapan ay nasa matataas na gulang o taon na. Pagdating naman sa kanilang edukasyong natamo, 245 o 73.6% sa mga empleyado ay nakapagtapos ng kolehiyo, 55 o 16.5% ay hindi nakapagtapos ng kolehiyo, may bilang naman na 17% o 5.1% ay mga empleyadong may masteral digri at 13 o 3.9% ay may yunits sa Masteral, 1 o 0.3% ay nakapagtapos ng Doktoral Digri at 2 o 0.6% ay may yunits sa Doktoral. Natuklasan na sa kabuuang bilang ng mga empleyado ay marami ang nakapagtapos sa kolehiyo bagamat may mangilan-ngilan pa rin ang hindi nakapagtapos ng kolehiyo ngunit sa kabilang banda naman ay mas marami rin sa mga naging bilang ang nakapagtapos din ng Masteral Digri kumpara sa hindi nakapagtapos sa Masteral at mayroon ding nakapagtapos ng Doktoral Digri at may yunits sa Doktoral.

**Antas ng Kaalaman ng mga Empleyado sa paggamit ng Eupemismo na Pampersonal**

Ang talahanayan bilang 2 ay ang datos na nagpapakita ng antas ng kaalaman ng mga empleyado sa paggamit ng eupemismo na pampersonal. Dito makikita ang naging tugon mula sa iba’t ibang panukat o lebel na siyang magdidikta sa antas ng kanilang kabihasaan sa paggamit ng eupemismo sa kanilang transaksyong pampersonal.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**TALAHANAYAN 2**
**ANTAS NG KAALAMAN NG MGA EMPLEYADO SA PAGGAMIT NG EUPEMISMO NA PAMPERSONAL**

| Antas | f | % | Mean | SD | Min | Max | Skewness | Kurtosis |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Napakahusay (N) | 108 | 32.4 | 2.99 | 0.45 | 1.57 | 4 | -0.276 | -0.012 |
| Mahusay (M) | 176 | 52.9 | | | | | | |
| Katamtaman (K) | 46 | 13.8 | | | | | | |
| Hindi Gaanong Mahusay (HM) | 9 | 0.9 | | | | | | |

Legend: N (3.26 - 4.00); M (2.51 - 3.25);K (1.76 - 2.50); HM (1.00 - 1.75)

Mula sa datos sa itaas, mayroong naitala na bilang na 108 o 32.4% ang napapabilang sa antas ng Napakahusay (N), ipinapakita rin dito na 176 o 52.9% na may katumbas na mahusay (M) ang nakakuha ng pinakamataas na bilang mula sa sagot ng mga empleyado bilang respondante, sumunod naman dito ay ang bilang na 46 o 13.8% sa mga respondante ang nakapagtala ng antas na Katamtaman (K) na may mean na 2.99 na ito ay nangangahulugan pa ring Mahusay (M), may standard deviation (SD) na 0.45 na nangangahulugang hindi kalayuan ang agwat ng sagot ng bawat isa na ang ibig sabihin ay magkakalapit ang antas ng kaalaman sa paggamit ng eupemismo ng karamihan, pagdating naman sa may skewness nito ay nakapagtala ng -0.276 na bahagyang negatibo na ang ibig sabihin ay positibo ito na marami ang mas mahusay sa paggamit ng eupemismo, sa kurtosis naman ay nakapagtala ito ng -0.012 na halos normal o nagpapakita ng distribusyon ay pantay at wala halos paglihis. Samatala, nasa 9 o 0.9% naman sa mga respondante ang naitalang hindi gaanong mahusay (HM). Sa makatuwid, ang talahanayan ay nagpapakita na ang mga empleyado ay higit na mahuhusay sa paggamit ng eupemismo sa kanilang pang-araw-araw na pakikipagtransaksyon sa kanilang mga katrabaho, kaibigan o kakilala.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**Kaugnayan ng Profayl ng mga Empleyado sa Antas ng Eupemismo**

Mahihinuha ang iba't ibang kalagayan mula sa profayl ng mga empleyado sa tatlong tanggapan ng lokal na pamahalaan at ang mga ito'y mula sa tanggapan ng *Mayor's* o *Licensing, Treasury* at *Civil Registry.* Dito tatalakayin ang antas ng kaugnayan ng kanilang profayl sa kanilang kakayahan at kaalaman sa paggamit ng eupemismo mula sa antas pampersonal, panlipunan at pampropesyunal.

| Profayl | Pampersonal | | Panlipunan | | Pampropesyonal | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Cor. Coef. | Sig | Cor. Coef. | Sig | Cor. Coef. | Sig |
| Kasarian[a] | -0.019 | 0.727 | 0.009 | 0.866 | 0.105 | 0.056 |
| Edad[b] | 0.191** | <0.001 | -0.035 | 0.528 | -0.035 | 0.52 |
| Pinakamataas na Edukasyon[c] | -0.018 | 0.737 | 0.033 | 0.549 | 0.087 | 0.113 |
| Bilang ng Taon sa Serbisyo[b] | 0.179** | 0.001 | -0.009 | 0.87 | 0.06 | 0.272 |
| Bilang ng Wika[b] | -0.017 | 0.758 | -0.081 | 0.141 | -0.002 | 0.969 |

Legend: Point biserial (a), Pearson r (b), Spearman rho (c) , Significant at 0.01 (**)

Nasasaad mula rito sa talahanayan na may kaugnayan ang edad ng mga empleyado mula sa naging resulta na 0.191 na correlational coefficient na kung saan nagkaroon din mas mababa sa inaasahang resulta mula sa haypotesis na mayroong <0.001. Ipinaparating lamang ng datos mula rito na ang profayl partikular sa edad ng mga empleyado ay maaaring magbigay ng kakayahan at antas ng kanilang kabisaan sa paggamit ng eupemismo. Kung gayon, habang mas nagkakaedad ang mga empleyado nakasunod at ipinapahiwatig din nito na mas maalam at mas ginagamit nila ang eupemismo sa kanilang pakikipagkomunikasyon sa kanilang kliyente at mga katrabaho at nakatataas o sa sinasabing antas pampersonal, panlipunan at pampropesyunal. Ayon sa inilabas na datos mula sa pag-aaral ni Panjaitan (2023), na Euphemism in Public Communication Based on Age and Status, ito ay isang pag-aaral na sinuri ang paggamit ng eupemismo sa iba't ibang pangkat ng edad sa pampublikong komunikasyon at sinasabi sa pag-aaral na ang lumabas na datos ay

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

nakitang mas madalas na gumagamit ng eupemistikong pahayag ang mga kalahok na may mas mataas na edad at karanasan sa lipunan dahil mas mataas ang kanilang kamalayan sa politeness at social norms. Sa ginamit na 17 euphemistic expressions sa komunikasyon ng mga kalahok, naging mas maingat sa pagpili ng salita ang mga nakatatanda kumpara sa mas batang grupo. Base sa naging pahayag, inuuri nito na habang nagkakaedad o mas may edad ang mga empleyado sa mga opisina ng lokal na pamahalaan partikular sa nabanggit na mga tanggapan, mas malawak ang kanilang kaalaman at karanasan sa paggamit ng mga eupemismong pampersonal lalo na at kabisado na rin nila ang kanilang mga katrabaho sa opisina dahil sa araw-araw silang magkasama at maaaring mas kilala na nila ang bawat isa na normal nalang ang biruan at hindi personal ang pagtanggap nila ng mga pahayag lalo na at madalas sila ay may mataas ding pinag-aralan.

## IV. CONCLUSIONS AND RECOMMENDATIONS

Kaugnay sa mga tinalakay na mga natuklasan at napag-alaman ng pananaliksik, ang mga sumusunod na konklusyon ay ipinaliliwanag at tinatalakay sa mga nasa ibabang talata. Ang mga manggagawa sa mga lokal na pamahalaan ng munisipalidad ng Pangasinan ay nakikitang karaniwang mga kababaihan na nasa kalagitnaang edad patungong 50, karamihan ay mga nakapagtapos sa tersyarya o kolehiyo at may karanasan na nasa pagitan ng dalawang (2) dekada sa serbisyo na madalas na gumagamit ng isang (1) wika sa kanilang transaksyon o pakikipagkomunikasyon sa kanilang kliyente, katrabaho o maging ang mas nakatataas sa kanilang posisyon.Pagdating naman sa antas ng kaalaman sa paggamit ng eupemismo na pampersonal ng mga empleyado, ipinakita sa naging diskusyon sa napag-alaman at natuklasan ng pag-aaral na sila ay nakakuha ng antas na Mahusay. Ipinapakita lamang nito na ang eupemismo ay buhay na mga salita na silang ginagamit upang pagaanin at magkaroon ng mas mahusay na transaksyon sa katrabaho man, kaibigan o kakilala. Ipinapakahulugan sa ikalawang bahagi ng pangalawang layunin ng pag-aaral na ang mga empleyado ay sadyang mahuhusay sa kanilang antas sa paggamit ng eupemismo na panlipunan. Sa mga transaksyon ng mga empleydo sa kanilang mga kliyente, ginagampanan nila ang kanilang trabaho nang may kahusayan sa pamamagitan ng paggamit ng mga pili at akmang mga salita upang magkaroon ng pagkakaunawaan. Ang mga ito ay bahagi ng eupemismo na siyang nagiging tulay sa kaayusan at kaginhawaan sa empleyado man ng lokal na

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

pamahalaan at sa kliyenteng kinakausap. Naitala rin na napakahuhusay ng mga empleyado ng mga lokal na pamahalaan pagdating sa paggamit ng eupemismo sa mga katrabaho at mga personalidad na nakatataas sa kanila. Ang antas ng kaalaman ng mga empleydo rito ay sumasalamin sa kanilang pagiging propesyonal dahil ang pormal na paggamit ng mga salita ay siyang nagiging paraan din upang magpahatid ng respeto at paggalang sa mga kapreho ring empleyado na loob ng mga tanggapan. Lumabas na may kaugnayan ang edad at tagal ng serbisyo sa mga empleyado pagdating sa paggamit ng eupemismo sa kanilang pampersonal na pakikipagkomunikasyon. Bagamat nagpapakita ng mahuhusay na antas ng kaalaman sa paggamit ng eupemismo sa tatlong kategorya (antas pampersonal, panlipunan at pamprospesyonal), ipinapakita na may kinalaman ang dalawang baryabol na edad at tagal ng taon sa serbisyo sa kahusayan ng mga empleyado sa paggamit ng mga salitang eupemismo. Bilang bunga ng pananaliksik, isinilid sa mga kahon o tinatawag na framework ang mga tugon mula sa mga piling empleyadong nagbigay ng suhestiyon kung papaano palalawigin ang kabihasaan sa paggamit ng eupemismo sa loob ng mga tanggapan sa mga lokal na pamahaaan. Dito ibinase at nakagawa ng isang awtput ng pananaliksik na isang polyeto o pamphlet na siyang magagamit upang mas mapahusay pa ang paggamit ng mga salitang eupemismo sa mga tanggapan o opisina ng lokal na pamahalaan ng probinsya ng Pangasinan. Ang mananaliksik ay nagbibigay suhestiyon na mas dagdagan pa ang mga baryabols sa propayl ng mga respondante upang mas mapalawak pa ang pag-aaral na isasagawa. Maging bukas sa pagpapaalala sa paggamit ng eupemismo na hindi lamang limitado sa apat na sulok ng silid sa opisina bagkus gamitin ito sa komunidad, mga Hinihikayat na lumahok sa iba't ibang bahagi ng mga pagsasanay o workshops upang mas mapalawig pa ang kabihasaan sa paggamit ng eupemismo. Sanayin ang sarili na makibahagi at makilahok sa mga kaganapan sa komunidad at makilahok sa mga oraganisasyong pampamahalaan upang mas magkaroon ng iba't ibang daan upang maging mabisa ang pagtanggap sa mga salitang eupemismo. Para sa pamahalaan, iminumungkahi na mas pababain ang kwalipikasyon ng mga aplikante sapagkat madalas na ang mga karanasan ng isang aplikante ay sumasalamin sa kanyang kahusayan sa pakikipagkomunikasyon at pakikipagkapwa-tao. Mas paigtingin ang maayos na relasyon sa tanggapan o opisina at hinihikayat na itaas ang personal development ng mga empleyado.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

## REFERENCES

[1.] Alon, E. M. (2021). Kagamitan ng Eupemismong Meranaw at Tungkuling Panlipunan Nito, Mabini Review, Volume 10 (2021), ISSN 2012-2144, p 119

[2.] Balunsay, J. R., & Tindugan, S. M. (2017). Tigsik at Tirigsikan: Sipat at Suri sa mga Piling Pasalitang Tulang Caramoranon ng Isla Catanduanes, Pilipinas Tigsik and Tirigsikan: An Analysis of Selected Caramoran Oral Poems in the Island of Catanduanes, p 49

[3.] Pizarro, P. A. (2018). Linguistic taboo revisited: Novel insights from cognitive perspectives, 61, 123. De Gruyter Mouton Publishing.

[4.] Ramon, J. B., Arroyo, L. R., & Romero Atienza, J. P. (2023). Euphemisms in Philippine Culture Portrayed in Filipino Movies. SIGEH ELT Journal of Literature and Linguistics, 3(2), 41–58

[5.] Seguerra, S. M. (2021). Filipino 8: Matatalinghagang Pahayag at Eupemistiko o Masining na Pahayag. Self-Learning Module para sa Filipino 8. Department of Education. Quarter 1 module 1-11

B. DYORNAL AT ARTIKULO

[6.] Kapron-King, A. & Xu, Y. (2021). A Diachronic Evaluation of Gender Asymmetry in Euphemism. In Proceedings of the 2nd International Workshop on Computational Approaches to Historical Language

[7.] Change 2021, pages 28–38, Online DOI:10.18653/v1/2021.lchange-1.5

https://aclanthology.org/2021.lchange-1.5/

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

[8.] Hojati, A. (2017). A Study of Euphemisms in the Context of English-speaking Media https://www.macrothink.org/journal/index.php/ijl/article/view/2933/0https://doi.org/10.5296/ijl.v4i4.2933 Vol 4, No 4 (2017)

[9.] Nodirovna, A. N. (2022). The Phenomenon of Euphemism and Its Study In Linguistics Vol. 10 No. 12 (2022): GIIRJ https://internationaljournals.co.in/index.php/giirj/article/view/3281

[10.] Shorten, A. & Smith, J. (2025). Mixed methods research: expanding theevidence base, p 1. https://doi.org/10.1136/eb-2017-102699

[11.] Banagbanag, R. (2018). Motivations for Using Euphemisms as Reflected in Selected Filipino Short Stories in English, International Journal of Scientific Engineering and Research (IJSER) ISSN (Online): 2347-3878, Volume 6 Issue 1, January 2018, p 98

[12.] Bachriani, B., Yassi, A. H., & Rahman, F. (2018). A Comparative Study of Euphemism in English and Buginese: Pragmatic Stylistics Contexts. ELS Journal on Interdisciplinary Studies in Humanities, 1(4), 429–440.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved